

## PAANYAYA PARA SA ENTRY NG SCHOOL LOGO

### • MASCOT DESIGN NG MIE PREFECTURAL

### MIE YOTSUBAGASAKI JUNIOR HIGH SCHOOL !

Kami ay naghahanap ng mga disenyo para sa school logo ng Mie Yotsubagasaki Junior High School, isang panggaging paaralan na magbubukas sa Abril, 2025 (at kasalukuyang naka-apply din sa Ministri ng Edukasyon, Kultura, Palakasan, Agham at Teknolohiya bilang isang paaralan na nagpapalawak ng paraan ng pag-aaral) Bukod dito, naghahanap din kami ng mga disenyo para sa mascot na gagamitin sa PR activities ng paaralan. Inaanyayahan namin kayong magsumite ng inyong mga entry.

- **Submission period: Mayo 24, 2024 (Biyernes) ~ Hulyo 31, 2024 (Miyerkules)**  
**(stamping effective on that day)**
- **Kwalipikasyon: Bukas sa lahat ng gustong sumali. (Maaaring magpasa ng maramihang entry ang isang tao. Maaari ring magsumite bilang grupo.)**
- **Mga kondisyon at pag-iingat sa paglikha**

#### «School Logo Design»

- Dapat itong ipahayag ang sagisag ng pangalan at imahe ng bagong paaralan.
- Isulat ang kahulugan, dahilan, at iba pa tungkol sa disenyo.
- Hindi mahalaga kung ito ay may kulay o isang kulay lamang, ngunit dapat itong manatiling malinaw at hindi masisira ang imahe kahit na ipakita sa isang kulay o itim at puti.
- Huwag gumamit ng gradation (paglabo).
- Dapat manatiling malinaw at mababasa ang disenyo kahit ito ay paliitin.



Kahit isa lang sa dalawa ay OK !

#### «Mascot Character Design»

- Dapat itong magpakita ng imahe ng bagong paaralan na magdudulot ng pagmamahal at pagkakaugnay, at makakatulong sa pagpapakilala ng paaralan.
- Mangyaring gumawa ng full-body design ng character (kinakailangan ang frontal view).
- Gawin itong makulay. Gayunpaman, ito ay magagamit kahit na ipakita sa itim at puti.
- Magbigay ng hanggang tatlong pangalan na maaaring itawag sa karakter.
- Mangyaring magbigay ng maikling paglalarawan tungkol sa disenyo at pangalan.

\*Dapat itong orihinal na gawa, hindi pa nailalathala, hindi ito dapat kamukha ng ibang trademark at hindi pag-aari ng sinumang may-ari ng copyright o iba pang legal na karapatan. Ang copyright ng mga likha ay ililipat sa Tanggapan ng Komisyon sa Edukasyon ng Prepektura.

\* Ang mga gastos sa paggawa at pagsusumite ay dapat sagutin ng mga kalahok.

#### Anong uri ng paaralan ang Yotsubagasaki Junior High School ?

\* Ito ay magbubukas sa loob ng kampus ng Mie Yume Gakuen High School na matatagpuan sa lungsod ng Tsu.

Saloobin sa pangalan ng paaralan

Ang "Yotsuba"/four-leaf clovers ay simbolo ng ating pag-asa na ang kaisipang nakapaloob dito ay ang pagnanais na sana pagdating ng panahon ng pagtatapos ng mga estudyanteng nagsisimula pa lamang mamukadkad, ay magbunga ng magagandang apat na dahon sa kanilang mga puso."

Layunin ng Mie Yotsubagasaki Junior High School

Isang paaralan kung saan umuusbong, lumalago, at lumalawak ang bawat hangarin ng bawat isa.

- Isang paaralan kung saan, sa kabila ng edad, nasyonalidad, at karanasan sa pag-aaral, ay mararamdaman ang saya ng pagkatuto at sisibol ang hamon tungo sa sariling hangarin at pangarap.
- Mapaunlad ang kakayahan para matupad ang pangarap sa pamamagitan ng iba't ibang karanasan at paraan ng pagkatuto ay lumalago ang natutupad ng mga pangarap at layunin.
- Isang paaralan kung saan, sa pamamagitan ng pakikipag-usap, pagkilala sa isa't isa, at sabayang pagkakatuto, ay lumalawak ang pananaw para sa hinaharap pagkatapos ng pagtatapos sa pamamagitan ng iba't ibang koneksyon.



Overview ng Mie Prefecture Evening Class for Junior High



Introduction video ng Mie Yotsubagasaki Junior High School



Website ng Ministry of Education HP (Para sa mga nais mag-aral sa Evening Class for Junior high school

○ **Paraan ng Pagsusumite ng Aplikasyon**

- Punan ang form ng aplikasyon ng inyong disenyo at isumite ito sa pamamagitan ng personal na pagdala, koreo, o gamit ang form ng aplikasyon online.
- Maaari din gawin sa computer, i-print ito, idikit sa application form at isumite.
- Kung magsusumite gamit ang form ng aplikasyon online, maaaring mag-attach ng JPEG, PNG, GIF image file. Maaari din isama ang larawan ng drawing sa papel.
- ※ Sa sandaling makapagdesisyon, aabisuhan ang napili at makakatanggap ng souvenir gift. Para sa mascot character, ang disenyo o pangalan lamang ang maaaring gamitin.



**[I-download ang application form]** <https://www.pref.mie.lg.jp/GAKOKYO/HP/m0205100157.htm>

**[Sa pagsusumite • Kung may katanungan]** ☎ 514-8570 Mie Ken Tsu Shi Hiroaki Cho 13  
 Mie Board of Education, Elementary and Junior High School Education Division, Evening Class for  
 Junior High School Establishment Preparation Team (Mie Prefectural Office 7<sup>th</sup> floor)  
 Tel.no. 059-224-2766 E-mail:gakokyo@pref.mie.lg.jp

**[Application form]**

|                          |   |  |
|--------------------------|---|--|
| Para sa School logo      | <a href="https://logoform.jp/form/8vMX/580570">https://logoform.jp/form/8vMX/580570</a> |  |
| Para sa Mascot character | <a href="https://logoform.jp/form/8vMX/580579">https://logoform.jp/form/8vMX/580579</a> |  |

I-click dito para sa impormasyon tungkol sa evening class for junior high school (Mie Yotsubagasaki Junior High School)

Mie Prefecture Evening Class Junior High School  
 (Mie Yotsubagasaki Junior High School)  
 Official Facebook page



みえけんりつやかんちゅうがく よつばがさきちゅうがっこう  
三重県立夜間中学「みえ四葉ヶ咲中学校」

Mie Prefectural Evening Class for Junior High School 「Mie Yotsubagasaki Junior High School」

こうしょう おうぼようし  
校章・マスコットキャラクターデザイン応募用紙

## SCHOOL LOGO・MASCOT CHARACTER DESIGN APPLICATION FORM

( 校章・マスコットキャラクター ) \*応募する方を○で囲んでください。  
( School Logo・Mascot Character ) \*Mangyaring bilugan kung ano ang aplayan.

- ① デザイン ※ | 作品につき | 枚の応募用紙に記入してください。  
Design ※ Mangyaring sulatan ang isang application form sa bawat isang design.

※マスコットキャラクターの応募者は、名前候補を記入してください。(最大3点まで)  
※Para sa mga kalahok na magpapasa ng disenyo ng mascot character, pakilagyan ng mga mungkahing pangalan (hanggang tatlong pangalan).

- ② デザインやキャラクターの名前に込めた意味や理由、説明  
Ipaliwanag ang kahulugan at dahilan ng tungkol sa disenyo at pangalan ng character.

|                            |  |
|----------------------------|--|
| ③ お名前 (ふりがな)<br>Pangalan   |  |
| 住所<br>Tirahan              |  |
| 電話番号<br>Numero ng telepono |  |

グループの場合は代表者の分のみ記入し、お名前のあとに人数を記入してください。【例】三重 太郎 (みえ たろう) 他3名  
Kung grupo, isulat lang ang pangalan ng representative at ang bilang ng tao. [Halimbawa] Mie Taro at 3 katao